

Survey ng Queensland sa Gana sa Pag-aaral at Pagsali sa mga Aktibidad at Kabutihan

Bakit namin ginagawa ang survey?

Alam namin na ang kagalingan at gana sa pag-aaral at pagsali sa mga aktibidad ay mga mahahalagang bahagi ng buhay ng iyong anak sa paaralan. Ang departamento at iyong paaralan ay naghahanap ng mga paraan upang kolektahin ang impormasyon tungkol sa mga mahahalagang aspetong ito upang masuportahan namin ang aming mga estudyante sa pinakamabuting posibleng paraan.

Ang Queensland Engagement and Wellbeing (QEW) Survey (Survey ng Queensland sa Gana sa Pag-aaral at Pagsali sa mga Aktibidad at Kagalingan) ay dinisenyo upang masukat kung ano ang tingin ng mga mag-aaral ng estado sa kanilang kagalingan at gana sa pag-aaral at pagsali sa mga aktibidad.

Ang mga resulta mula sa survey na ito ay magsasabi sa atin tungkol sa kagalingan at gana sa pag-aaral at pagsali sa mga aktibidad ng mga estudyante. Ang impormasyong ito ay tutulong sa amin na mas masuportahan ang mga estudyante at matugunan ang kanilang mga pangangailangan.

Kailan isasagawa ang survey?

Isasagawa ang QEW Survey sa Mga Linggo 1 hanggang 4 ng Term 2 bawat taon.

Ang paaralan ng iyong anak ay pipili ng petsa sa loob ng panahong ito na pinakamainam para sa kanila.

Tungkol saan ang survey na ito?

Ang survey ay sumusukat sa maraming aspeto ng kagalingan, gana sa pag-aaral at pagsali sa mga aktibidad, at karanasan sa paaralan ng mga estudyante. Kasama sa mga tanong ang tungkol sa:

Tinatanong ng survey ang tungkol sa: katatagan

klima ng paaralan

pakiramdam na kasapi

motibasyon at pagtitiyaga

pang-akademikong konsepto ng sarili

personal na kakayahan sa pakikisalamuha sa ibang tao

pangkalahatang kasiyahan sa buhay

pananaw at mga mithiin sa hinaharap

pangkalahatang kalusugan

mga relasyon sa mga kaklase, mga guro at sa tahanan



Impormasyon para sa mga magulang at tagapag-alaga

Ano ang sangkot sa pagsali?

Aaregluhin ng mga guro ang paglahok online ng mga estudyante sa Survey habang nasa klase. Aabot ng humigit-kumulang 30 minuto upang makumpleto ito. Kung nangangailangan ang iyong anak ng karagdagang tulong, maaari siyang matulungan ng mga guro at/o sumusuportang tao.

Kailangan bang lumahok ang iyong anak?

Kusang-loob ang paglahok sa survey. **Ang piliin na hindi lumahok ay hindi makakaapekto sa edukasyon ng iyong anak sa anumang paraan.**

Tatanungin rin ang iyong anak kung gusto ba niyang lumahok bago umpisahan ang survey. Malaya siyang huminto o umurong sa anumang oras. **Kung ayaw ninyo na kasali ang iyong anak sa QEW Survey, mangyaring tumawag sa iyong paaralan at sabihin ito sa iyong anak.**

Makakakuha pa rin ang iyong anak ng link tungkol sa survey sa kaniyang email kahit na umaayaw kayo, mangyaring sabihin sa iyong anak na huwag gamitin itong link. Ang mga paaralan ay magbibigay ng panghaliling aktibidad para sa iyong anak kung ang survey ay gagawin sa klase.

Paano pananatiliing kompidensyal ang impormasyon ng iyong anak?

Ang impormasyon na nakolekta sa pamamagitan ng survey na ito ay pananatiliing kompidensyal. Walang personal na impormasyon ang ibabahagi kaninuman sa labas ng Departamento ng Edukasyon ng Queensland. Ang Departamento ng Edukasyon ng Queensland ay magtatabi ng datos alinsunod sa mahigpit na mga patnubay. Ang pangongolekta ng impormasyon ay alinsunod sa *Educational General Provisions Act (Batas sa Pangkalahatang Probisyong Pang-edukasyon, 2006)* at sa *Information Privacy Act (Batas sa Pagkapribado ng Impormasyon, 2009)*.

Paano iuulat ang mga sagot ng iyong anak?

Ang mga sagot ng iyong anak ay hindi lalagyan ng kanyang pangalan. Iuulat lang siya sa paaralan bilang bahagi ng kanilang mga resulta para sa baitang sa paaralan (year level). Walang sinuman sa paaralan ng iyong anak ang makakakita sa kanilang mga indibidwal na sagot.